Admisyon sa Primarya Uno (Primary One Admission) (POA) 2026
Mga Pagpipilian na Paaralan para sa Sentral na Alokasyon (Central Allocation)

(1) Ang mga batang hindi nabigyan ng lugar na may diskresyon (discretionary place) ay lalahok sa Sentral na Alokasyon (Central Allocation). Hinihiling sa mga magulang na **dalhin ang cover letter at ang kanilang Hong Kong Kard ng Pagkakakilanlan (Hong Kong Identity Card)** upang kumuha ng 'Form ng Pagpipilian na Paaralan' (Choice of Schools Form) at ibalik ang nakumpletong Form sa **alinman sa** 3 Sentro ng Sentral na Alokasyon (Central Allocation Centres) sa mga petsa at oras na tinukoy sa ibaba:

Petsa : **24 Enero (Sabado) o 25 Enero (Linggo) 2026**
Oras : 9:30 a.m. hanggang 12:30 p.m. at 1:30 p.m. hanggang 4:30 p.m.

Sentro ng Sentral na Alokasyon (Central Allocation Centre) (alinman sa mga sumusunod na sentro):

Isla ng Hong Kong (Hong Kong Island)
Rm 1421AB, Wu Chung House,
213 Queen's Road East, Wan Chai, Hong Kong

Kowloon (Kowloon)
School Places Allocation Section (POA)
Podium Floor, West Block,
Education Bureau Kowloon Tong Education Services Centre,
19 Suffolk Road, Kowloon Tong, Kowloon

Mga Bagong Teritoryo (New Territories)
N.T. Heung Yee Kuk Yuen Long District Secondary School
123 Kau Yuk Road, Yuen Long, New Territories

(2) **Kapag pinupunan ang Bahagi A ng 'Form ng Pagpipilian na Paaralan' (Choice of Schools Form), maaaring pumili ang mga magulang ng hanggang 3 paaralan mula sa anumang school net.** Kung ipinahiwatig ng mga magulang sa POA Application Forms na hindi maaaring gumamit ng wikang Tsino ang kanilang mga anak bilang midyum sa pag-aaral, **maaari silang pumili ng mga paaralan sa kanilang home net* kapag pinupunan ang Bahagi B.** Pakibasang mabuti ang 'Mga Tala kung Paano Kumpletuhin ang Form ng Pagpipilian na Paaralan' (Notes on How to Complete the Choice of Schools Form) bago kumpletuhin ang 'Form ng Pagpipilian na Paaralan' (Choice of Schools Form).

(3) Ang mga listahan ng paaralan ng mga indibidwal na school net ay maaaring makuha mula sa kindergarten o kindergarten-cum-child care center na pinapasukan ng bata, sa website ng Education Bureau (EDB) (www.edb.gov.hk), sa 24-oras na Awtomatikong Sistema ng Pagtatanong sa Telepono (24-hour Automatic Telephone Enquiry System) ng EDB (Serbisyong Facsimile: 2891 0088) o sa School Places Allocation Section (POA).

Paglabas ng mga Resulta ng Sentral na Alokasyon (Central Allocation)

Ang mga resulta ng Sentral na Alokasyon (Central Allocation) ay ilalabas sa 3 Hunyo 2026.

Mga Katanungan

Kung mayroon kayong mga katanungan o nangangailangan ng karagdagang impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa mga kawani sa Sentro ng Sentral na Alokasyon (Central Allocation Centre), sumangguni sa Website ng EDB's POA [Path: website ng EDB (www.edb.gov.hk) > Education System and Policy > Primary and Secondary Education > School Places Allocation Systems > Primary One Admission System] o makipag-ugnayan kay G. Jimmy WAN (Tel: 2832 7640) o kay Gng. Esther CHAN (Tel: 2832 7636) ng School Places Allocation Section.

[Kung sakaling may mga pagkakaiba sa pagitan ng mga bersyong Ingles at Nepali/Urdu/Hindi/Tagalog/Thai/Bahasa Indonesia/Punjabi (Indian)/Vietnamese, ang bersyong Ingles ang ilalapat at mananaig.]

---

* Mangyaring gumawa din ng sanggunian sa item (4) ng "Mga Tala sa Paano Kumpletuhin ang Form ng Pagpili ng mga Paaralan" ("Notes on How to Complete the Choice of Schools Form".)